**Cristine Joy Bartolome**

## THESIS TOPIC PROPOSAL

# Sining para sa bayan: Estado ng malikhaing sector sa mga manlilikha ng Valenzuela City

Ang sining at malikhaing sektor ay mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng Valenzuela City, na pinagtitibay ng mga programang inilulunsad ng lokal na pamahalaan upang palawakin ang kaalaman at kasanayan ng mga mamamayan sa larangan ng sining. Subalit, sa harap ng mabilis na mga pagbabagong teknolohikal at panlipunan, hinaharap ng mga lokal na artista ang hamon ng pagpapanatili at pagpapalawak ng kanilang mga kakayahan. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman kung “Ano ang kalagayan ng creative industry sa Valenzuela City kasabay ng pag-usbong ng iba’t ibang oportunidad at balakid nito?”

**Katanungan:**

1. Anong mga uri ng sining ang binibigyang-diin ng mga Valenzuelano sa loob ng creative industry?
2. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng creative industry sa Valenzuela City?
3. Ano ang mga pangunahing hamon at oportunidad na kinakaharap ng mga lokal na artista at malikhaing negosyo sa Valenzuela?
4. Paano nakakatulong ang malikhaing sektor sa pangkalahatang ekonomiya ng Valenzuela City?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Masuri ang kasalukuyang kalagayan at saklaw ng creative industry sa Valenzuela City.
2. Tukuyin ang mga pangunahing hamon at oportunidad sa loob ng industriya.
3. Kilalanin ang mga pangunahing organisasyon o sektor na may mahalagang ambag sa malikhaing industriya.
4. Bumuo ng mga rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng creative industry sa Valenzuela City

---

**Pares on the Wheels: Paglaganap ng Iba't ibang Kanto-style Pares sa Maynila**

Ang pares ay isa sa mga pinakapopular na pagkain sa mga lansangan ng Maynila, lalo na ang mga kanto-style pares na ibinebenta sa mga food carts at maliliit na kainan. Hindi maikakaila ang malaking interes ng mga tao sa pagkaing ito, na makikita sa patuloy na pagdami ng mga stalls at ang uso ng mga tinatawag na “overload” na bersyon ng mga putahe. Sa kabila ng mabilis na paglago ng mga nagbebenta ng kanto-style pares, may mga hamon pagdating sa kalidad, kalinisan, at kompetisyon. Layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang katanungang “Paano nakaapekto sa food culture ng Maynila ang paglaganap ng kanto-style pares lalo na ang overload variant”

**Katanungan**:

1. Ano ang mga dahilan ng patuloy na paglago ng kanto-style pares sa lansangan ng Maynila?
2. Paano binabago ng mga food cart na nagbebenta ng pares ang kultura ng pagkain sa lungsod?
3. Ano ang mga pangunahing hamon sa kultura sa pagpapatakbo ng isang kanto-style pares business?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Alamin ang kaugnayang pangkulturang Pilipino sa likod ng pagkahilig sa kanto-pares overload.
2. Tukuyin ang mga dahilan ng mabilis na pagdami ng mga kanto-style pares stalls sa Maynila.
3. Suriin ang epekto ng kanto-style pares sa lokal na kultura ng pagkain.
4. Pag-aralan ang mga hamon at oportunidad sa kultura sa pagpapatakbo ng isang kanto-style pares na negosyo.

---

**Pagsulong ng Kultura at Turismo: Pagsusuri sa mga Estratehiyang Pagpplano at Potensyal na Pag-unlad ng Valenzuela Cultural and Tourism Development Office**

Sa paglipas ng panahon, ang Valenzuela City ay bumuo ng iba't ibang proyekto at programa na may kinalaman sa iba't ibang anyo ng sining, kasama ang mga

inisyatibong naglalayong konserbahan at panatilihin ang kultural na identidad ng lungsod. Upang higit pang palaguin ang sining, kultura, at turismo sa Valenzuela, kinakailangan ang masusing pagpaplano at epektibong estratehiya mula sa Cultural and Tourism Development Office. Sa kabila ng potensyal ng lungsod, may mga hamon sa pagbuo ng matibay na pagkakakilanlan at sa kakulangan ng mga sapat na estratehikong plano na magpapalapit ng mga proyektong ito sa mga mamamayan. Sa ganitong anggulo, nais ng pag-aaral na ito ang "Paano isinasagawa ang pagpaplano ng kultural na sektor ng Valenzuela sa patuloy nitong paglago?"

**Katanungan**:

1. Ano ang kasalukuyang estado ng turismo at kultura sa Valenzuela City?
2. Ano ang mga proyekto at hinaharap na programa ng Valenzuela Cultural and Tourism Development Office?
3. Ano ang mga pangunahing hamon sa pagpapalago ng turismo sa lungsod?
4. Paano mapapabuti ang mga estratehiyang kasalukuyang ginagamit ng Cultural and Tourism Development Office?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang kasalukuyang estado at potensyal ng turismo at kultura sa Valenzuela City.
2. Tukuyin ang mga hamon na kinakaharap ng Valenzuela Cultural and Tourism Development Office.

3. Magmungkahi ng mga rekomendasyon para sa pagbuo ng mas epektibong plano para sa pagpapalago ng turismo.
4. Magbigay ng konkretong hakbang para sa pagpapakilala at paglinang ng mga pook-kultural at aktibidad sa lungsod.

---

**Kasaysayan X Kultura: Isang pagsusuri sa Konserbasyon ng Pamanang Kultural sa Lungsod ng Valenzuela**

Ang Valenzuela City ay isang lungsod na mayaman sa kasaysayan at kultura, na makikita sa iba't ibang pista, pagkain, at mga pamanang kultural. Gayunpaman, sa paglipas ng maraming taon, unti-unting nasisira at nawawala ang mga makasaysayang lugar nito. Dahil dito, mahalagang bigyang-diin ang konserbasyon at preserbasyon upang mapanatili ang mahahalagang bahagi ng kasaysayan ng lungsod para sa mga susunod na henerasyon. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang tanong na: "Ano-ano ang kasalukuyang mga hakbang na isinasagawa para sa pangangalaga ng pamanang kultural sa Valenzuela?"

**Katanungan:**

1. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng mga heritage sites sa Valenzuela?
2. Ano ang mga hakbang na ginagawa upang mapangalagaan ang mga pamanang ito?

3. Paano mapapabuti ang mga pagsisikap sa konserbasyon ng pamana sa lungsod?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang kasalukuyang kalagayan ng konserbasyon ng mga heritage sites sa Valenzuela.
2. Kilalanin ang mga inisyatibang mula sa pamahalaan at pribadong sektor para sa konserbasyon na katulong ng Valenzuela.
3. Tukuyin ang mga pangunahing suliranin sa pangangalaga ng mga pamanang kultural.
4. Magbigay ng mga rekomendasyon para sa pangmatagalang konserbasyon ng mga heritage sites sa lungsod.

---

**Local Government Unit Museum: Pagbuhay sa Bahay ni Dr. Pio Valenzuela bilang Museo**

Ang bahay ni Dr. Pio Valenzuela ay may mahalagang papel sa kasaysayan ng Pilipinas, dahil sa kanyang pagiging bahagi ng makasaysayang triumvirate. Bilang pagkilala kay Dr. Valenzuela, ang kanyang tahanan at mga personal na gamit ay ginawang museo. Gayunpaman, isa sa mga pangunahing hamon ay ang limitadong access ng publiko, sa kabila ng pampublikong halaga nito bilang isang museo. Bukod dito, may kakulangan sa promosyon at suporta mula sa mga residente. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong

sagutin ang tanong: "Ano ang mga benepisyo at hamon sa pagpapalawak ng bahay ni Dr. Pio Valenzuela bilang isang LGU museum?"

**Katanungan**:

1. Ano ang mga benepisyo ng pagsasaayos ng bahay ni Dr. Pio Valenzuela bilang isang museo?
2. Paano makatutulong ang proyekto sa pagpapalaganap ng kaalaman tungkol kay Dr. Valenzuela?
3. Ano ang mga pangunahing hamon sa pagpapatakbo ng bahay bilang museo?
4. Paano nakaaambag ang Museo ni Dr. Pio Valenzuela sa turismo at pagkakakilanlan ng Valenzuela?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang halaga at epekto ng pagbubukas ng bahay bilang museo.
2. Tukuyin ang mga benepisyo sa komunidad at edukasyon ng publiko.
3. Pag-aralan ang mga hamon sa pagpapalaganap ng kaalaman sa kasaysayan.
4. Alamin ang dulot nito sa identidad ng lungsod.

---

**Pagyabong ng Sining sa Lungsod: Pagsusuri sa Taunang Sining Workshop sa Valenzuela o Arts in the City**

Ang Valenzuela City ay kilala sa masigasig na pagsuporta sa sining, na makikita sa taunang art workshop at sa pagkakaroon ng programang Bachelor of Arts in

Communication Major in Theater Arts sa lokal na unibersidad. Kasama rito ang patuloy na pagsisikap ng lungsod na palakasin ang kultural na identidad nito. Bagama't may mga inisyatibong tulad nito upang paunlarin ang sining, mahalaga ring malaman ang kalagayan ng mga lokal na artista at kung paano sila naaapektuhan ng mga programang ito.

Ang "Arts in the City," ang taunang arts workshop ng Valenzuela, ay itinatag upang mapaunlad ang malikhaing kakayahan ng mga residente. Subalit, sa kabila ng potensyal nito, kulang pa rin sa promosyon at pagkilala sa mas malawak na antas. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang tanong: "Paano hinuhubog ng taunang workshop ang sining at kultura sa Valenzuela?"

**Katanungan:**

1. Ano ang saklaw ng Arts in the City?
2. Paano nakatutulong ang arts workshop sa mga residente ng Valenzuela?
3. Ano ang mga pangunahing suliranin sa implementasyon ng workshop?
4. Paano mapapalawak ang saklaw at promosyon ng workshop?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Tukuyin ang mga larangan ng sining na pinapalakas ng Valenzuela sa pamamagitan ng workshop.
2. Suriin ang kasalukuyang kalagayan ng taunang arts workshop sa lungsod.
3. Kilalanin ang mga benepisyo ng workshop sa mga kalahok at sa lokal na sining.

4. Tukuyin ang mga hamon at kalakasan sa pagpapatupad.

---

**Unli Samgyup, Unli Wings: Ang Paglaganap ng Unli-Food Buffet sa Pilipinas at ang Kaugnayan Nito sa Kultura ng Kainan ng mga Pilipino**

Sa mga nakaraang taon, ang konsepto ng unli-food buffets, tulad ng Unli Samgyup at Unli Wings, ay mabilis na kumalat sa Pilipinas at naging bahagi ng karaniwang karanasan sa pagkain ng mga Pilipino. Ang pag-usbong ng ganitong uri ng kainan ay nagdulot ng mga pagbabago sa mga kaugalian sa pagkain at sa mga social gatherings, na nagkaroon ng impluwensiya sa mga tradisyon at kultura ng pagkaing Pinoy. Subalit, patuloy na nananatiling katanungan kung "Paano naimpluwensyahan ng mga unli-food buffets ang kultura ng kainan ng mga Pilipino, at paano ito naiiba o nakakaapekto sa mga tradisyunal na panlasa at kaugalian?"

**Katanungan**

1. Paano naiimpluwensyahan ng unli-food buffets ang mga nakagawiang kaugalian sa pagkain ng mga Pilipino?
2. Ano ang mga pangunahing dahilan sa likod ng kasikatan ng Unli Samgyup at Unli Wings sa Pilipinas?
3. Paano nagiging bahagi ng mga social gatherings ng mga Pilipino ang unli-food buffets?
4. Paano ito naiiba o nakakaugnay sa mga tradisyunal na pagkaing Pilipino?

**Layunin**

1. Matukoy ang mga dahilan ng kasikatan ng unli-food buffets sa Pilipinas.
2. Masuri ang impluwensya ng unli-food buffets sa kaugalian ng pagkain at mga social gatherings ng mga Pilipino.
3. Ihambing ang mga pagkaing iniaalok sa unli-food buffets sa mga tradisyunal na pagkaing Pilipino.
4. Tukuyin ang posibleng epekto ng unli-food buffets sa mga tradisyunal na kultura ng pagkain sa bansa.